Pagsasanay sa Filipino

n 1	D 1	N.A. 1	
Pangalan	Petsa	Marka	

Pagkilala sa Pang-abay na Panang-ayon at Pananggi

Kakayahan: Natutukoy ang mga pang-abay na panang-ayon o pananggi sa pangungusap

- A. Salungguhitan ang pang-abay na panang-ayon sa bawat pangungusap.
 - 1. Oo, tutulong kami sa paghanda ng entablado para sa pagtatapos.
 - 2. Ang karamdaman ni Lola Auring ay totoong naging malubha na.
 - 3. Sadyang nilinlang nila ang matanda upang makuha ang kanyang salapi.
 - 4. Ang mga lasenggo ang talagang nagpasimuno ng kaguluhan dito.
 - 5. Tiyak na makikilahok kami sa gaganapin na paligsahan sa balagtasan.
 - 6. Ayon sa pamahalaan, positibong uunlad pa ang ekonomiya ng ating bansa ngayon taon.
 - 7. Totoong nakita ko sina Sam at Eric sa lakbay-aral natin sa museo.
 - 8. Tunay na ipinagtanggol ni Bonifacio ang kanyang mga kasama.
- B. Salungguhitan ang pang-abay na pananggi sa bawat pangungusap.
 - 1. Ayaw nilang masangkot sa katiwalian na ginagawa ng politiko.
 - 2. Ang mga mag-aaral na hindi mag-eensayo ng sayaw ay mananatili sa silid-aralan.
 - 3. Sinabi ko sa kanya na ayaw kong mawala ang tiwala ng aking mga magulang.
 - 4. Huwag ninyong hawakan ang mga mahahalagang bagay sa museo.
 - 5. Hinding-hindi tayo pababayaan ng ating mga magulang.
 - 6. Ayon kay Jeremy, hindi maaaring bigyan ng tsokolate ang isang aso.

7. Huwag natin hayaan na maubos ang ating mga likas na yaman.

© 2014 Pia Noche samutsamot.com